WILL of GOD 316

# Paano ko Malalaman ang Kalooban ng Diyos?

*"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang Kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugod-lugod, at ganap na kalooban ng Diyos"* Roma 12:2

Napakahalaga na alam at ginagawa natin ang kalooban ng Diyos. Mahalaga rin na tinutularan natin si Jesus. Ang sabi Niya, Siya'y dumating sa daigdig *"hindi upang gawin ang Sarili kong kalooban, kundi ang kalooban Niya na nagsugo sa Akin"* Juan 6:38. Sa ganito ring paraan, marami sa mga hinayag na kalooban ng Diyos ay nauukol sa lahat ng mga mananampalataya. Gayunpaman, ang Diyos ay mayroong kalooban na natatangi sa bawat indibidwal na Kristyano. At ito ay unti-unti Niyang ipinapahayag sa atin habang tayo ay lumalago sa ating araw-araw na katapatan sa Kanya. Totoo na malalaman natin ang kalooban ng Diyos. Ang Panginoon mismo ang nagbibigay sa atin ng kaunawaan. Ang sabi sa Kawikaan 3:5-6, *"Kay Yahweh ka magtiwala, buong puso at lubusan, at huwag kang mananangan sa sariling karunungan. Sa lahat ng iyong gawain siya nga'y alalahanin, upang ika'y patnubayan sa iyong mga tatahakin"*. Ang Biblia ang magpapaunawa sa atin ng pangkalahatang kalooban ng Diyos para sa ating buhay bilang mga Kristyano. Samantala, matutunghayan mo na ang Kanyang natatanging kalooban para sa bawat indibidwal na mananampalataya ay dulot ng pag-uugnay ng Kanyang Salita at matapat na pagsunod sa Kanya. At mula sa ganitong kalagayan ng buhay na masunurin sa Diyos, maaari mong malaman at sundin ang Kanyang kalooban para sa iyong buhay. Hilingin mo ito sa Diyos Ama. Maghanap ka ng gabay mula sa Kanyang Salita, mula sa Kanyang mga lingkod, at hingin mo ang Kanyang kapayapaan. At kapag nalaman mo ang Kanyang kalooban, sundin mo ito.

**ANG PANGKALAHATANG KALOOBAN NG DIYOS.** Karamihan sa pangkalahatang kalooban ng Diyos ay matatagpuan sa mga utos, prinsipyo, at mga halimbawang nasasaad sa Biblia. Ang Biblia ang siyang primaryong pinagkukunan natin ng kaalaman tungkol sa kalooban ng Diyos para sa ating buhay. Ang sabi ng salmista, *"Salita mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, sa landas kong daraanan, liwanag na tumatanglaw"* Awit 119:105.

1. Mga Kautusan. Maraming utos na mababasa sa Biblia para sa lahat ng mga mananampalataya. Ang ilan sa mga ito ay gaya ng, *"Magalak kayong lagi, palagi kayong manalangin, at magpasalamat kayo sa Diyos sa lahat ng pagkakataon; sapagkat ito ang kalooban ng Diyos para sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus"* (1 Tesalonika 5:16-18). Dagdag pa, *"Kalooban ng Diyos na kayo'y...lumayo sa lahat ng uri ng kahalayan"* 1 Tesalonika 4:3. Ang sabi rin ni Jesus, *"Kung iniibig ninyo ako, tutuparin ninyo ang aking mga utos"* (Juan 14:15). Ngunit dagdag pa rito, kinakailangan na maunawaan mo ang konteksto ng utos. Halimbawa, inutusan ng Diyos si Noe na gawin ang arka sa Genesis 6:14, subalit hindi ito inutos sa iyo ng Diyos na gawin. Inutos rin ng Diyos sa 2 Samuel 2:1 na pumunta si David sa Hebron, subalit hindi ito iniutos ng Diyos sa iyo. Sa madaling salita, hindi mo dapat kunin lang ang utos na wala ang kanyang konteksto.

2. Mga Prinsipyo. May mga biblikal na prinsipyo na dapat mong sundin. Halimbawa, ang prinsipyo ng pagiging isang mabuting katiwala ay mababasa sa Lukas 16:1-13. Ang halaga at sakripisyo ng pagiging isang disipulo ay matatagpuan sa huling bahagi ng Lukas 14. Samantala, ang prinsipyo ng paghahanap at pagsagip sa mga taong naliligaw ng landas ay matutunghayan mo sa tatlong talinghaga na mababasa sa Lukas 15. Sundan mo ang mga ito at ang iba pang mga prinsipyo sa Biblia para isakatuparan ang kalooban ng Diyos.

3. Mga Halimbawa. Ang mga utos at prinsipyo sa Biblia ay nagbibigay sa iyo ng kaalaman tungkol sa pangkalahatang kalooban ng Diyos sa iyong buhay. Ngunit maliban sa mga ito, ang Biblia ay naglalaman rin ng mga halimbawa na maaari nating tularan. Syempre, ang pinakamainam na halimbawa sa lahat ay ang buhay ni Jesus. Matapos na Kanyang hugasan ang mga paa ng kanyang mga alagad, ang sabi ni Jesus, *"Binigyan ko kayo ng halimbawa upang inyong tularan"* Juan 13:15. At iyon nga, dapat nating tularan ang halimbawa ng Kanyang kapakumbabaan Filipos 2:3-5. Dapat tayong lumakad sa Kanyang mga hakbang. Ang sabi ni Apostol Pedro, *"Ang pagtitiis ng hirap ay bahagi ng pagkatawag sa inyo ng Diyos, sapagkat nang si Cristo ay magtiis para sa inyo, nag-iwan siya sa inyo ng isang halimbawa na dapat ninyong lubos na tularan"* 1 Pedro 2:21. Dagdag pa rito, ang sabi naman ni Apostol Juan, *"Sa ganito, nalalaman natin na tayo'y talagang nasa kanya. Sinumang nagsasabing nananatili siya sa Diyos ay dapat mamuhay tulad ng pamumuhay ni Jesu-Cristo"* 1 Juan 2:5-6.

**Ang BABALA.** Ang Diyos ay hindi nagsisinungaling, ayon sa Awit 119:160. Hindi kailanman sasabihin ng Diyos o kaya'y ihahatid ka Niya sa kalagayang susuwayin mo ang Kanyang Salita. Si Jesus ay nagbigay ng mga pinuno na pagtitibayin tayo sa Kanyang Salita Efeso 4:11-14. Subalit napakaraming mga bulaang guro ang naglipana sa paligid 2 Timoteo 4:3-4. Kaya't hindi mo dapat paniwalaan ang ideya na para bang sinasabi ng Diyos na suwayin mo ang Kanyang Salita. Hindi iyan kaylanman gagawin ng Diyos. Kaya't kung may isang pinuno ng simbahan na nagsasabi sa iyo na suwayin ang Salita ng Diyos, iyon ay bulaang katuruan.

**ANG NATATANGING KALOOBAN NG DIYOS PARA SA ISANG INDIBIDWAL.** Ang Diyos ay may natatanging kalooban para sa bawat indibidwal na mananampalataya Awit 32:8, Kawikaan 3:5-6. Subalit dapat mo munang sundin ang pangkalahatang kalooban ng Diyos at pagkatapos nito ay maaari mong alamin ang Kanyang indibidwal na kalooban para sa iyong buhay. Masikap mo itong hilingin sa Diyos. Hanapin mo ang sagot mula sa Kanyang Salita, sa Kanyang karunungan, at hanapin mo ang Kanyang kapayapaan.

**Humingi**. Tularan mo ang panalangin ni David, *"Ako ay turuan na aking masunod ang Iyong kalooban"* Awit 143:10. Samantala, si Apostol Pablo ay nanalangin para sa mga mananampalataya sa Colosas na *"maipaunawa Niya sa inyo nang lubusan ang Kanyang kalooban"* Colosas 1:9. Sa mga talatang ito ay ipinapakita sa atin na ang ating masidhing panalangin para sa ating mga sarili at para sa ating kapwa ay ang malaman at gawin ang kalooban ng Diyos.

**Humingi tayo ng Kanyang patnubay.** Inihahayag ng Diyos ang Kanyang natatanging kalooban sa bawat indibidwal sa pamamagitan ng Kanyang Salita, karunungan, ng Kanyang mga lingkod, at ng Kanyang kapayapaan. Kaya't hingin mo sa Diyos na ipabatid Niya sa iyo ang Kanyang kalooban. At sasagutin Niya ang iyong mga panalangin sa pamamagitan ng mga sumusunod:

1. Kanyang Salita. Ang pagkakaunawa sa natatanging kalooban ng Diyos para sa isang indibidwal ay produkto ng palagiang pag-aaral ng Biblia. Ang kalooban ng Diyos para sa iyo ay higit na nagiging malinaw kapag nagtatamo ka ng karunungan at unawa sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Hindi ka Niya kaylanman ihahatid sa isang bagay na kontra sa sinasabi ng Kanyang Salita.

2. Kanyang Karunungan. Tandaan mo ito: ang karunungan ng Diyos ay nagmumula sa espirituwal na pagsunod; ito'y ayon sa 1 Corinto 2:14-15. Dagdag pa, sinasabi ni Apostol Pablo na, *"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugod-lugod, at ganap na kalooban ng Diyos"* (Roma 12:2). Kaugnay pa rito, hingin mo rin sa Diyos ang Kanyang karunungan; sapagkat ayon kay Santiago, *"Kung ang sinuman sa inyo ay kulang sa karunungan, humingi siya sa Diyos at siya'y bibigyan"* Santiago 1:5.

3. Kanyang mga Lingkod. Ang mga lingkod ng Diyos ay maaari rin nating pagkunan ng unawa tungkol sa Kanyang kalooban. Silang maayos at tumpak na itinuturo ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ng pangangaral o kaya'y pagsusulat ay makakatulong sa atin Colosas 1:28. Isang mabuting bagay na humingi tayo ng payo mula sa mga subok-na-sa-karanasang mga mananampalataya. Sa katunayan, ang pagkakaroon ng maraming tagapayo ay isang magandang ideya. Ang sabi sa Kawikaan 15:22, *"Kung walang payo, mga panukala'y nawawalang saysay; ngunit sa dami ng mga tagapayo sila'y nagtatagumpay"* . Syempre, ang mga lingkod ng Diyos at mga mana nampalatayang matagal na sa pananampalataya ay hindi perpekto; subalit magagawa nila tayong bigyan ng makabuluhang payo na makakatulong sa atin na maunawaan ang kalooban ng Diyos.

4. Kanyang Kapayapaan. Ang kapayapaan ng Diyos ang siyang huling kumpirmasyon para sa Kanyang natatanging kalooban para sa ating buhay. Ang sabi sa Colosas 3:15, *"Maghari sa inyong puso ang kapayapaan ni Cristo." "At ang kapayapaan ng Diyos, na hindi maabot ng pag-iisip, ang mag-iingat ng inyong mga puso at mga pag-iisip kay Cristo Jesus"* Filipos 4:7. Ang ganitong makaDiyos na kapayapaan ay isang uri ng pakiramdam na tama ang iyong naging kapasyahan tungkol sa isang bagay; syempre, ito'y nakaugnay sa panalangin, sa pag-aaral ng Biblia, sa espirituwal na karunungan, at sa payo ng mga mapagkakatiwalaang mga mananampalataya. Kaya nga, sa bawat mong gagawin, hanapin mo at hintayin ang Kanyang kapayapaan.

**Kumilos.** Kapag tinanong mo ang Diyos kung ang isang bagay ba ay Kanyang kalooban, ang sagot ay maaaring "hindi," gaya ng naging sagot Niya kay Pablo sa 2 Corinto 12:7-10. O kaya, maaaring ito ay "maghintay." At kapag "maghintay" ang sagot ng Diyos, ito ay maghahatid ng malaking pagpapala Isaias 40:31. Samantala, kapag ang sagot ng Diyos ay "Oo," gawin mo ang Kanyang kalooban kahit na ito ay mahirap, hindi hinahangaan, o kaya'y humihingi ng malaking kapalit o sakripisyo. Dapat na malugod tayo na gawin ang Kanyang kalooban mula sa kaibuturan ng ating puso, Awit 40:8, Efeso 6:5-6. Sa bandang huli, dapat tayong maging maingat sa mga huwad na kasagutang itinuturo ng iba sa ngalan ng Kristyanismo. Dapat ka lang kumilos ng may pagsunod kung tiyak mong nalalaman ang kalooban ng Diyos.

---

*Paano ko Malalaman ang Kalooban ng Diyos?* © 2026 ni John D. Morris III ay inilathala ng Acts One Eight. Malaya mo itong i-printa, kopyahin, i-post, i-email, o i-message na hindi binabago ang buong pahayag na nasasaad rito. Maaari mo ring ilagay ang iyong ministeryo at pangalan ng iyong simbahan o logo sa itaas ng unang pahina at idagdag mo ang iyong kontak na impormasyon sa taas ng linya malapit sa dulo ng ikalawang pahina. Ang WillofGod316.org ay batay lamang sa Biblia. Ito ay umiiral upang tulungan ang mga mananampalataya na matuklasan ang kalooban ng Diyos. Maaari mong i-email ang Acts One Eight (sa wikang Ingles kung maaari) sa: Hello@Mail316.org. Ang mga serbisyo ng pagsasalin ay ibinibigay ng www.ChristianLingua.com. Ang babasahing *'Paano ko Malalaman ang Kalooban ng Diyos?'* ay available sa 48 na wika; ito ay libreng makukuha sa www.WillofGod316.org. Ang siniping mga talata sa Biblia sa Ingles na bersyon ay mula sa The Lockman Foundation's New American Standard Bible 1995. Samantala, ang siniping talata sa saling ito ay mula sa: Magandang Balita Biblia